



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Provincial Environment and Natural Resources Office

DENR MIMAROPA RECORDS SECTION
RECEIVED
14 SEP 2022
☐ INCOMING ☐ OUTGOING
BY: _____ DATE NO. _____
September 8, 2022

2

MEMORANDUM

FOR : The Regional Executive Director
MIMAROPA Region

THRU : The ARD for Technical Services

FROM : The In-Charge, Office of the PENRO
Oriental Mindoro

SUBJECT : **ENDORSEMENT OF MINUTES OF THE MEETING OF
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK-PROTECTED AREA
MANAGEMENT BOARD EXECUTIVE COMMITTEE
MEETING LAST AUGUST 16, 2022**

We are endorsing the minutes of the meeting of Naujan Lake National Park PAMB Executive Meeting. It was held on August 16, 2022 at the PAMO of CENRO Socorro, Oriental Mindoro.

Attached are the attendance sheet and photo-documentation.

For information and consideration.


ALMA E. GIBE



DENRPENRO2209000015

PENRO Tracking No. 2209000009
TSD-CDS/aem



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office

August 24, 2022

MEMORANDUM

FOR : The Regional Executive Director
THRU : The In-Charge, PENR Officer
FROM : The CENR Officer
SUBJECT : **ENDORSEMENT OF MINUTES OF THE MEETING OF
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK-PROTECTED AREA
MANAGEMENT BOARD (NLNP-PAMB) EXECUTIVE
COMMITTEE MEETING LAST AUGUST 16, 2022**

DENR-MIMAROPA REGION	
PROVINCIAL ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE	
ORIENTAL MINDORO	
PENRO TRACKING NO.	
RECEIVED BY	<i>[Signature]</i>
DATE	SEP 06 2022
TIME	

Respectfully endorsing the minutes of the meeting of Naujan Lake National Park-Protected Area Management Board (NLNP-PAMB) Executive Committee Meeting on August 16, 2022 at Protected Area Management Office, DENR-CENRO Socorro, Oriental Mindoro.

Attached are photos and attendance sheet of the said meeting.

For information and consideration.

[Signature]
RODEL M. BOYLES



Republic of the Philippines
DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES
NAUJAN LAKE NATIONAL PARK
Protected Area Management Board
Oriental Mindoro



KATITIKAN NG PAGPUPULONG
(NLNP-PAMB Executive Committee Meeting)

Petsa: August 16, 2022

Lugar: DENR CENRO Socorro, Protected Area Management Office,
Pasi II, Socorro, Oriental Mindoro

Mga Dumalo:

- | | | |
|---------------------------|---|-------------------------------------------------|
| 1. RAQUELITA M. UMALI | - | MGDH-I, LGU-Naujan (via zoom) |
| 2. MARILYN M. ALCANICES | - | PAGO-Fishery Sector, Calapan City
(via zoom) |
| 3. RICMAR B. AZUCENA | - | PCO, DWCC (via zoom) |
| 4. CAROLINE G. MANUEL | - | MPDC, LGU-Victoria (via zoom) |
| 5. GRACE C. DIAMANTE | - | Executive Director, MBCFI (via zoom) |
| 6. LYDIA MUÑECA S. MELGAR | - | PPDO, Calapan City (via zoom) |
| 7. RACHEL B. MONTERO | - | SRS II, DOST (via zoom) |

Mga Hindi Dumalo:

- | | | |
|---------------------------|---|-------------------|
| 1. LORENZO F. CARREON II | - | MPDC, LGU-Pola |
| 2. ATTY. MANUEL P. DELICA | - | MPDC, LGU-Socorro |

Mga Panauhin:

- | | | |
|------------------------------|---|-------------------------------------------|
| 1. EDGAR C. GENABE | - | CAA II, MPDC-LGU Pola |
| 2. DEAN MOLINA | - | PAMBCCDD, DENR MIMAROPA
REGION |
| 3. MACKALEY P. MARTINEZ | - | Forester I, CENRO Socorro |
| 4. FLORENTINO C. GILLADO | - | Tourism Officer, LGU Naujan |
| 5. KHEN KHEN M. MALUBAG | - | Tourism Staff, LGU Naujan |
| 6. RESMA T. PEREZ | - | President, Montelago Association |
| 7. ENRIQUE P. CASTILLO, JR. | - | Barangay Chairperson, Montelago |
| 8. RODEL M. BOYLES | - | CENR Officer, CENRO Socorro
(via zoom) |
| 9. RICARDO R. NATIVIDAD | - | PASu, NLNP |
| 10. ATTY. SHERLYN A. LAYESA | - | Legal Researcher, CENRO Socorro |
| 11. CARLOTA JUGNO | - | EMS II, EMB MIMAROPA REGION |
| 12. JOSE MARIA M. FONTANILLA | - | ECOMS I/ APASu, NLNP |
| 13. ROMALYN F. FLORES | - | Project Support Staff, NLNP |

PAGPUPULONG

Nagsimula ang pagpupulong sa ganap na ika-9:30 ng umaga sa pamamagitan ng isang panalangin. Nagbigay ng kaniyang panimulang pananalita si PASu Ricardo Natividad ng Naujan Lake National Park upang batiin ang mga dumalo sa araw na iyon na pinasalamatan ang bawat miyembro ng Protected Area Management Board (PAMB) Executive Committee sa kanilang pagdalo at taos-pusong pakikilahok sa pagpupulong sa umagang iyon bagaman lahat ay naka-virtual lamang. Kinilala naman ni APASu Jose Maria Fontanilla ang mga nagsipagdalo *via zoom* at mga panauhin.

Ibinahagi ni PASu Natividad na may korum ang nasabing pagpupulong. Inihain niya ang nominasyon na pangunguna sa pagpupulong na tinugunan ni MGDH-I Raquelita Umali ng LGU Naujan. Iminungkahi niya si Bb. Marilyn M. Alcañices ng PAgO na manguna sa pagpupulong. Hiniling ng nominado na makita muna ang adyenda ng pagpupulong para sa pagpapadaloy nito. Matapos basahin ay pinangalawahan ng lahat ang nominasyon kaya't inumpisahan ang pagpupulong sa pangunguna ni Bb. Alcañices.

Presentation and Approval of the Agenda

Pinangunahan ni Bb. Alcañices ang pagbabasa ng adyenda ng pagpupulong at pagpapadaloy ng bawat isang nabanggit. Hiniling naman ni APASu Fontanilla na unahin ang pagpresenta ng Brgy. Montelago para sa kanilang proposed projects na kasama sa talakayin ng other matters. Ito ay batay na rin sa naunang pagpupulong at napag-usapan na uunahin ang mga panauhin bago magtalakay ng mismong adyenda. Kaya't iminungkahi ni Bb. Alcañices na umpisahan na ang pagpapadaloy ng pagpupulong.

Meeting Agenda

Presentation of development plan regarding the proposed ecotourism projects for Brgy. Montelago, Naujan

Iprinisenta ni G. Florentino C. Gillado, Tourism Officer ng LGU Naujan sa pamamagitan ng powerpoint presentation ang kanilang mga proyekto para sa Barangay Montelago, Naujan. Sa kasalukuyan ay mayroon silang tinatawag na *Montelago Nature Park* kung saan ay makikita ang kalinisan at kagandahan ng kanilang lugar-pasyalan na maaaring puntahan ng mga turista na nais mag-relax at makita ang ganda ng lugar at ang kanila namang *Proposed Ecotourism Development* ay ang "*View Deck with Sauna Bath*". Isa ito sa pangunahing proyekto na nais nila, lalo pa at sa kanilang lugar makikita ang *hotspring* na isa sa binabalikan sa kanilang lugar. Dagdag pa rito ay ang mga sumusunod nilang mga proyekto:

- Naujan Lake Wetland Center
- Kubo (Relaxing Area)
- Camping Tent
- Horse Backriding
- Restrooms (for Ladies & Gentlemen)

99 Matapos ang pagpapakita ng kanilang mungkahing proyekto ay binigyang papuri ni G.
100 Azucena ng DWCC ang presentasyon at ganda ng kanilang nais para sa lugar. Naibahagi niya
101 noong panahon na ang Bangklase na proyekto ng DENR at DWCC ay nagagamit pa upang
102 makita ang ganda ng Naujan Lake at buhayin ang ekoturismo dito sa pamamagitan ng labbay-
103 aral gamit ito. Isa sa naging *evaluation* o naging kanilang katanungan ay “Ano nga ba ang
104 maaaring balik-balikan sa Naujan Lake?” At sa puntong ito, kung sakali na maisasakatuparan
105 ang mga nakahaing proyekto ay magiging maganda ang turismo ng bayan ng Naujan. Dagdag
106 pa niya ang mga pagdaraanang masusing proseso at mga regulasyon ng PAMB upang
107 mapatupad ito lalo’t higit sa bahagi ng DWCC at DENR upang mabuhay muli ang Bangklase
108 ay maari nating i-align para sa turismo. Maganda rin kung may *zipline* upang magkaroon ng
109 *activity area*. Ayon naman kay Bb. Alcañices ay ina-align ng PGOM ang maaring maging mga
110 proyekto para sa Bangklase. Dagdag naman ni Gng. Rachel Montero ng DOST maliban sa
111 ganda ng presentasyon ay hinahanap ang laki ng area o gagawing tourism site at kung ano ang
112 *carrying capacity* nito at kung maipresenta ang *waste management* at *sustainability plan*.
113 Kahit sana ang buong proyekto ay maihain o mayroon pang idadagdag sa darating pa na
114 panahon. Sinang-ayunan naman ito ng tagapanguna at kailangan na rin magkaroon ito ng
115 Environmental Impact Assessment (EIA), at dahil kasama na ito sa ELA ng probinsya at
116 kabilang sa mga ihahaing resolusyon para sa Naujan Lake Wetland Center. Maganda naman
117 itong balita para kay Gng. Umali, na sinabi na dapat nga ito ay maisaayos bagkus sa ngayon
118 nga ay *preliminary presentation* pa lamang. Aniya sa kanilang mga naging pagpupulong sa
119 LGU ay ipinapaalala niya ay palaging idadaan sa PAMB ang lahat ng proyekto. Sa bahagi ni
120 G. Azucena ay kailangan rin ng *health clearance* para maging mas protektado ang lahat ng
121 magiging panauhin dito. Sa bahagi naman ni Gng. Diamante, sinabi niya na maganda ang
122 naging konsepto nito at dagdag pa ang mga nais at dapat pang ihain sa pahayag ni Gng. Montero
123 ng DOST na kaniyang sinang-ayunan. Gayundin ang pagkakaroon ng *holistic approach* na
124 magkaroon ng koordinasyon sa iba pang munisipyo at Tourism Officer na sakop ng Naujan
125 Lake upang hindi magkanya-kanya ang mga ito. Dito papasok ang *carrying capacity* para sa
126 proyekto. Pangalawa nito, ang paghahain ng *Comprehensive Development Plan (CDP)* sa
127 susunod na pagpupulong upang mas maintindihan ang kanilang konsepto. Dagdag pa niya na
128 ang lugar ng Montelago, Naujan ay hindi lingid sa kaalaman ng lahat na maraming malalaking
129 bato sa lugar ngunit kapag nakita ang proyekto iba ang *terrain* ng lugar kaya’t ito ay dapat
130 maipakita ang buong *development plan* para mas maintindihan. Isa pa ay ang pangangalaga
131 nito, dagdag ni Gng. Diamante kung responsable ba ang mga mamamayan dito? Pati na rin ang
132 mga fees na kailangan singilin kung ito ay nagagamit na. Katulad na lamang ng Socorro kung
133 mayroon na bang nabebenefit mula dito, katulad ng mga users fee. Sinagot ni G. Fontanilla na
134 gagawa pa ng MOA para dito, ngunit ayon kay Gng. Diamante dapat ay noon pa ginawa at
135 hindi ngayon kung kailan sila ay kumikita na. Dapat ay may MOA na bago pa man ito mag-
136 operate. Sa bahagi naman ni Gng. Manuel, tinanong niya kung sino ba talaga ang *in-charge*
137 dito dahil ang nangyayari ay kaniya-kaniyang LGU ang proposal kaya naman nais niyang
138 imungkahi na dapat ang LGU Naujan ay makipag-ugnayan sa ibang LGU para dito at sana ay
139 mayroon na tayong *integrated ecotourism plan* na mabuo na potensyal o profiling para sa kada
140 munisipyo at hindi nagkakaroon ng kumpitensya ang mga ito. Tinanong pa niya kung sino ba
141 ang dapat gumawa nito, ang PGOM ba dahil sila ang nag-cluster para sa apat na munisipyo o
142 ang PAMB ba dahil ito ang gumagawa ng *management plan*? Kapag hinihingan ng pag-sang-
143 ayon sa mga development sa Naujan Lake ay hindi pa rin ganoon kalinaw ang protocol ng
144 PAMB pagdating sa mga proyekto. Kulang sa guidelines, na dapat ay mayroon dahil ang
145 PAMB ang *policy-making body*. Sa huli ay sinang-ayunan ni CENRO Rodel Boyles ang mga
146 nabanggit ni Gng. Manuel ay maganda dahil mayroong management plan ang Naujan Lake at
147 *ecotourism development plan* noong 2011 pa na kailangan lamang i-update. Ang maaaring
148 bumuo nito ng ecotourism plan ay PAMB dahil ito ay isang protected area. Dapat lahat ng

149 *tourism initiatives at products* ng munisipyo ay ayon sa batas ng PA. Kung PAMO pa ang
150 magsasagawa ay mas mainam na ang apat na munisipyong nakapalibot ay magbuo na ng
151 kanilang mga *ecotourism plan* at saka ito sasalain ng PAMO. Sila na rin ang magsasama nito
152 upang maging isang buong *ecotourism plan*. Ayon sa kaniya, ang bawat munisipyo ay magkusa
153 na para dito upang mahila at magkaroon ng *amendment* nito. Sa huli, bagaman *preliminary*
154 *presentation* pa lamang ito ayon kay G. Umali ay gusto lamang niyang bigyang pansin ang
155 nabanggit ni G. Diamante na *maintenance and management* ay maihahain sa susunod na
156 pagpresenta ng proyekto dahil ito ay nakapaloob na dito. Sinang-ayunan naman niya ang
157 mungkahi ni Gng. Manuel at CENRO Boyles sa pagbuo ng isang plano upang maging basehan
158 para sa ganitong mga proyekto na papasok sa Naujan Lake. At sa pagtatapos ay ang
159 pasasalamat ni G. Gillado sa paunlak ng PAMB upang maibahagi nila ang kanilang proyekto
160 at nangako na ang mga naging puna ay gagawin nilang batayan upang mas lalo pa nilang
161 maiayos ang kanilang susunod na presentasyon.

162 163 164 **Policies on proposed establishments (fishponds, piggery and private pool) within NLNP**

165
166 May ipinakitang halimbawa si G. Fontanilla ng polisiyang naisagawa sa bahagi ng
167 ginawang pag-aaral o *research report* na pinamagatang *Backyard and Commercial Piggeries*
168 *in the Philippines: Environmental Consequences and Pollution Control Options* ni Ma.
169 Angeles O. Catelo, *et al.* ng *Department of Economics and Management* mula sa University of
170 the Philippines ng Los Baños, Laguna. Sa *Chapter 2.1* na may pamagat na *Review of the*
171 *International Literature: Environmental Effects of Pig Waste*.

172
173 Ayon kay G. Fontanilla ay maaring maging basehan ang kaniyang ibinahagi upang
174 maging reference sa pagbabalangkas ng mga polisiya. Ayon kay Gng. Diamante, sa dalawang
175 reference na ipinadala ay mayroon na bang summary para iprocess ng PAMB ang gagawa ng
176 guidelines hango dito. Sinagot naman ni G. Fontanilla na wala pang nabubuong guidelines
177 bagkus ang kaniyang ipinakita ay maging basehan lamang ng PAMB. Iminungkahi ni Gng.
178 Diamante na kung maaari na i-draft na ang guidelines at saka idaan sa Committee on
179 Biodiversity para i-review at pag-usapan ng PAMB Executive Committee ang tungkol dito.
180 Sinang-ayunan naman ni Bb. Alcañices kung nais ba nila ang nabanggit ni Gng. Diamante na
181 pinangalawahan ni Gng. Montero kung saan kasama ang Pangulo ng Komitiba ng Biodiversity
182 ng PAMB sa pagbuo nito. Paglilinaw ni Gng. Diamante na PAMO muna ang magdraft ng
183 guidelines at saka ihain sa PAMB Executive Committee. At dagdag ni Bb. Alcañices na
184 maaring humingi ng technical assistance sa DOST (kung saan meron silang kaalaman sa
185 *biogas*) at Department of Agriculture. Sa huli ay binanggit ni G. Fontanilla, na mayroong nag-
186 apply ng PAMB Certification ang isang fishpond sa Brgy. Batongdalig na magsasabi na wala
187 itong epekto sa protected area ngunit ng magkaroon ng inspekyon ang PAMO personnel ay
188 maaaring mayroon itong epekto sa lawa kaya't hindi napaburan ang kanilang kahilingan na
189 *PAMB Certification*.

190 191 192 **Updating the Unified Rules and Regulations of NLNP**

193
194 Sa ibinahaging sipi ng Unified Rules and Regulations o URR ay binasa ni G. Fontanilla
195 ang nilalaman nito upang maihain ang mga suhestiyon at maaari pang maidagdag dito. Sa
196 *pahina ika-3*, sa bahaging, *Kautusan ng Naujan Lake National Park PAMB 2007-01, Seksyon*
197 *2 Saklaw*, ang bahaging ito ay napasadahan na sa pagpapaalala ni Gng. Umali kung saan
198 ilalagay kung anong bahagi ng Butas River ang sakop lamang ng Naujan Lake at may mapa na

maaring maging basehan nito. Iminungkahi naman ni Bb. Alcañices ang bahagi ng *Seksyon 3 Kahulugan ng mga Salita*, ay lampasan na lamang sa dahilang ito naman ay madalas na naririnig. Dagdag naman ni G. Fontanilla na kung sakali ay may maidadagdag pa sa mga ito na pamamaraan ng pangingisda. Sa *Seksyon 6, Pinahihintulatang Paraan ng Pag-papaunlad ng Yamang Pangisdaan*, ipinaalala ni Gng. Umali ang tilapia ay naka-highlight sa naunang pag-uusap. Sa *Seksyon 10, Kaukulang Bayarin*, ang salitang “pesos” ay papalitan ng “piso” at *Seksyon 13, Mga Pagbabawal*, bilang *pito (7)*, ang numero ng R.A. na 8559 ay papalitan ng 8550 at bilang *walo (8)*, ang *Seksyon XX* ay papalitan ng *XII*. Sa bahagi naman ng *Seksyon 14*, ang salitang “*Implementation*” ay papalitan ng “*Implementing*” na salita. Ang *Seksyon 16, Suporta sa Bantay-Lawa*, ang insentibong katumbas ng tatlumpung bahagdan (30%) na nakasaad ay bibigyang linaw sa usapin. Ang *Seksyon 17, Pagtatalaga ng Sub-IPAF*, ang salitang “*and*” ay papalitan ng salitang “*ang*” at ang mga dapat isumite sa *Regional Director (RD)* para sa makakamit o matatanggap ng isang protected area sub-fund ay ihahanay sa usapin. Nang matapos ang pagbabasa nito, nagmungkahi ang tagapanguna kung maaari na magbigay ng kaniyang mga puna. Sumang-ayon naman ang karamihan, kaya’t may ilan siyang kinonsidera katulad ng *Seksyon 2 (Saklaw)* na magkaroon ng mapa para sa sakop ng Butas River. Gayundin ang paggamit ng “*Payaw*” sa bahagi ng mga gamit pangingisda at may management plan ito. Ang *Seksyon 18, Pananaliksik sa Katubigan ng NLNP*, ang napag-usapan dito ay kailangan nilang gumawa ng MOA noong nagbigay ng pananaliksik ang MinSU. At sa huli ay ang pagdadagdag ng *Seksyon* ng ating URR para sa *White Goby*, ang *closed season* at tamang paggamit ng *gears* dahil *established* na rin ang *spawning period* ng mga biya. Pag-usapan na lamang ito kasama ang komitiba ng *Law Enforcement* para dito. Dagdag ni Gng. Umali ay kailangang magkaroon ng *marker* sa bahagi ng hangganan ng Butas River at kalakip na mapa nito. Nais rin ni Bb. Alcañices na kahit may *marker* ay ito rin ay nagsisilbing *migratory path* ng ating protected area. Isa pang naging dagdag ni Gng. Umali para sa *Seksyon 8, Pagkilala sa Lake Fisheries and Aquatic Resource Management Council (LFARMC)*, aniya bakit hindi idagdag ang komposisyon ng miyembro nito sa PAMB na sinang-ayunan ng tagapanguna at kailangang isangguni sa *Law Enforcement Committee*. Ang isa pa na binigyang-linaw ay ang *Seksyon 14, Multang Pang-Administratibo*, ang gagamiting resibo ay opisyal galing sa Special IPAF Collector at ito ay mapupunta sa Integrated Protected Area Fund (IPAF) at sa (c), kung sakali ay magkaroon ng nakahandang *undertakings* para alam ang nilalaman nito.

Update on Law Enforcement activities within NLNP

Ibinahagi ni G. Fontanilla noong July 6, 2022 habang nagsasagawa ng monitoring ang PAMO personnel ay namataan nila ang isang malaking bangka lulan ang may 10 na katao ngunit habang papalapit sa nasabing lugar malapit sa Brgy. San Pedro, Naujan ay isa na lamang mangingisda ang natira sa nasabing bangka na may lamang mga iligal na kagamitan at bayakos na gamit nila. Sa pagkakataong ito ay agad nilang nareport sa kapulisan ng Naujan upang mabigyan ng pagsusuri at dinala sa baybay lawa. Ang mga nasabat ay 35 kilos ng tilapia, 5 kilos ng dalag, bangkang de motor at dalawang bangkang de-sagwan at dalawang bayakos. Ang nasabing mangingisda ay si G. Rolly Solares at binigay sa kustodiya ng Pulis Naujan. Nagkaroon ng kaniya-kaniyang testimonya ng pangyayari upang maging basehan ng magiging kaso nito. Noong Hulyo 27, 2022 naganap ang unang paghaharap o hearing sa MTC Naujan.

Binanggit ni Bb. Alcanices ang mga *deputized* bantay lawa na maaring isama tuwing may *monitoring*. Maari ring makipag-ugnayan sa mga Municipal Agriculturist para makasama tuwing may ganitong *patrolling* ang PAMO sa Naujan Lake.

Amendment to Resolution No. 1, Series of 2022 re: Fees for big boats in NLNP

Ibinahagi ni G. Fontanilla na may mga nakategorya ayon sa laki ng Bangka para maging basehan ito sa mga halaga na sisingilin sa mga may-ari nito. Aniya sa gaganaping *Consultative Meeting* ay pag-uusapan ang ayon sa sukat at laki ng bangka na kanilang irerehistro para sa halaga ng singilin. Gayundin ang mga may establisyemento katulad ng maliliit na gasolinahan at iba pang negosyo sa loob ng Naujan Lake. Nilinaw ni Gng. Umali ang mga araw at lugar ng nasabing consultative meeting para sa bawat munisipyo. Dagdag pa ni G. Fontanilla, ang gaganapin naman na Third Regular PAMB Meeting ay ngayong darating na August 30-31, 2022. Kabilang sa nakahanay na adyenda ang MEA o Management Effectiveness Assessment Form na kailangan sagutan ng lahat ng miyembro ng PAMB. Iminungkahi ni Gng. Diamante kung maaari na nilang sagutan muna at kanilang pag-aralan bago pa man ito maihain sa pagpupulong. Unahin ang sipi ng MEA para sa *matters arising* ay pag usapan sa susunod na araw ng pagpupulong. Dagdag ni G. Fontanilla ang *boundary determination* ay i-polish muna bago ipresenta sa kapulungan at ito naman ay sinang-ayunan ng karamihan.


Natapos ang pagpupulong sa ganap na ika-1:22 ng hapon sa pamamagitan ng mungkahi ni MGDH-I Raquelita Umali ng LGU Naujan na pinangalawahan ni Gng. Grace Diamante ng MBCFI.

Inihanda ni:

RICARDO R. NATIVIDAD

PASu, NLNP/PAMB Secretariat

Pinatunayan ni:


MARILYN M. ALCANICES
Tagapanguna

Pinagtibay ni:

LORMELYN E. CLAUDIO, CESO IV
Regional Executive Director/PAMB Chairperson



Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office

PHOTOS OF DURING THE CONDUCT OF NLNP-PAMB EXECUTIVE COMMITTEE MEETING
AT DENR CENRO SOCORRO – PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE,
PASI II, SOCORRO, ORIENTAL MINDORO
AUGUST 16, 2022





Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
MIMAROPA Region
Community Environment and Natural Resources Office

PHOTOS OF DURING THE CONDUCT OF NLNP-PAMB EXECUTIVE COMMITTEE MEETING
AT DENR CENRO SOCORRO – PROTECTED AREA MANAGEMENT OFFICE,
PASI II, SOCORRO, ORIENTAL MINDORO
AUGUST 16, 2022



